TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa Tamang Pag-Unawa sa PhilHealth Circular

TITLE	**QUALITY STANDARDS ON THE SCREENING FOR COLORECTAL CANCER AS REFERENCE OF THE CORPORATION**
PC NUMBER	**2025-0025**

PARA SA MGA MIYEMBRO

SCREENING FOR COLORECTAL CANCER

1 Para saan ang polisiya na ito?

Layunin nito na magtakda ng pangunahing pamantayan para sa screening ng colorectal cancer, ayon sa Quality Assurance Program ng PhilHealth.

2 Ano ang target na populasyon para sa colorectal cancer screening?

Alinman sa mga sumusunod:

a. Lahat ng nasa edad 45 hanggang 75 taong gulang; o
b. Mga indibidwal na may mga risk factor.

3 Ano-ano ang mga natukoy na risk factor?

Alinman sa mga sumusunod:

a. Family history ng colorectal cancer o adenomatous polyps sa isang first-degree relative; o
b. Mga kondisyon tulad ng Familial Adenomatous Polyposis (FAP), Lynch syndrome, o Inflammatory Bowel Disease (IBD) na may colitis.

4 Ano-ano ang mga screening test para sa colorectal cancer?

Fecal Immunochemical Test (FIT):

- Ito ang inirerekomendang first-line test dahil nagbibigay ito ng mas tumpak na resulta kumpara sa guaiac-based FOBT.
- Isa itong non-invasive na stool test na tumutukoy sa nakatagong dugo gamit ang antibodies na partikular sa human hemoglobin, at may mataas na specificity para sa pagdurugo sa lower gastrointestinal tract.

- Ang FIT ay dapat isagawa kada labindalawang buwan.

Guaiac-based Fecal Occult Blood Test (gFOBT):

- Maaari lamang isagawa ang gFOBT kung hindi available ang FIT. Inirerekomendang kumuha ng tatlong (3) stool samples upang mabawasan ang false negative results.
- Ito ay isang guaiac-based na stool test na tumutukoy sa nakatagong dugo mula sa alinmang bahagi ng gastrointestinal tract.
- Kinakailangan ng gFOBT ang pag-iwas (ng hindi bababa sa 3 araw bago ang test) sa ilang pagkain (hal., red meat, mga gulay/prutas na may mataas na peroxidase tulad ng horseradish, broccoli, cauliflower, turnips, radish, melons) at mga gamot (halimbawa: iron supplements, NSAIDs, anticoagulants, corticosteroids) upang maiwasan ang maling resulta.
- Ang gFOBT ay dapat isagawa bawat labindalawang buwan.

Colonoscopy:

- Isang endoscopic examination ng buong colon gamit ang isang flexible na tubo na may camera, na nagbibigay-daan sa direktang pagtingin, pagtanggal ng polyps, at pag-biopsy ng mga kahina-hinalang lesyon sa loob ng iisang procedure.
- Maaaring isagawa ang colonoscopy nang hindi lalampas sa loob ng 9 na buwan matapos ang isang positibong resulta ng FIT o FOBT.
- Kung negatibo ang unang naisagawang colonoscopy at nananatiling walang sintomas ang pasyente, maaaring ipagpatuloy ang screening gamit ang stool-based screening (FIT o gFOBT) pagkalipas ng 10 taon mula sa petsa ng colonoscopy.

ELIGIBILITY CRITERIA

1 Sino ang mg kwalipikado para makagamit ng benepisyong ito?

Ang colorectal cancer screening ay para sa mga kuwalipikado, walang sintomas, at may mataas na panganib sa tinutukoy na populasyon. Layunin nito na matukoy ang sakit sa maagang yugto o preclinical stage, kung saan napatunayan na ang maagang pagtuklas at napapanahong paggamot ay nakakatulong sa mabuting kalusugan.

TITLE	**QUALITY STANDARDS ON THE SCREENING FOR COLORECTAL CANCER AS REFERENCE OF THE CORPORATION**
PC NUMBER	**2025-0025**

PARA SA MGA HEALTH CARE PROVIDERS

1 Paano isinasagawa ang proseso ng screening?

Ang mga PhilHealth-accredited primary care physician ay magrerekomenda ng colo-rectal cancer screening bilang bahagi ng preventive health services. Gagabayan ito ng risk stratification at gagamit ng angkop na diagnostic tests upang matukoy ang cancer o mga precancerous na kondisyon sa mga taong walang sintomas.

2 Ano ang dapat ipaliwanag ng healthcare provider sa mga kuwalipikadong pasyente?

Lahat ng kuwalipikadong pasyente, na natukoy sa pamamagitan ng standardized na pagsusuri, ay sasailalim sa pre-screening counseling ng PhilHealth-accredited healthcare provider. Sa counseling, ipapaliwanag ang layunin, benepisyo, panganib, at limitasyon ng cancer screening test. Kailangan ding makuha ang informed consent bago isagawa ang serbisyo.

3 Ano ang saklaw ng polisiyang ito?

Itinatakda ng polisiyang ito ang mga evidence-based na pamantayan para sa pagsusuri ng pagiging kwalipikado, pag-uuri ayon sa panganib, at pagbibigay ng colorectal cancer screening services, alinsunod sa nationally adopted guidelines at nakaayon sa international best practices.

Saklaw din nito ang lahat ng PhilHealth-accredited health facilities na may kakayahan at lisensiya mula sa Department of Health (DOH) upang magbigay ng kaugnay na imaging services. Ipatutupad ito para sa lahat ng Pilipinong nakarehistro sa kanilang PhilHealth YAKAP clinics para sa saklaw na outpatient benefits.

4 Sino ang dapat magsagawa ng screening test?

Ang colorectal cancer screening ay dapat isagawa lamang ng mga kuwalipikadong propesyonal at may credential na personnel sa mga health facility na lisensyado ng

DOH at accredited ng PhilHealth.

Ang mga resulta ng pagsusuri ay kailangang ipaliwanag agad sa pasyente, kasama ang tamang interpretasyon at post-screening counseling.

Kung may abnormal na resulta, dapat itong agad i-refer sa angkop na espesyalista para sa confirmatory diagnostic procedures o paggamot, alinsunod sa itinatag na referral pathways ng primary care physician. Lahat ng referral ay dapat maayos na idokumento.

5 Ano ang mga dapat idokumento para sa isang pasyente?

Ang eligibility assessment na isasagawa ng PhilHealth-accredited primary care physicians ay dapat maayos na idokumento. Kasama rito ang mahahalagang detalye tungkol sa medical history ng pasyente at ang kanyang risk profile.

CONTACT INFORMATION

PhilHealth Corporate Action Center: 02 8662 2588 | Smart: 0998 857 2957, 0968 865 4670 | Globe: 0917 127 5987, 0917 110 9812
PhilHealth Website: www.philhealth.gov.ph

Ang FAQ na ito ay batay sa PhilHealth Circular No. 2025-0025 tungkol sa Quality Standards on the Screening for Colorectal Cancer as Reference of the Corporation. Para sa latest updates, bisitahin ang PhilHealth website o makipag-ugnayan sa pinakamalapit na PhilHealth Regional Office o Local Health Insurance Office.